

PROLOGUE

Siguro ay wala nang mas romantic pa kaysa sa backdrop na mayroon nang gabing iyon.

Maliwanag ang bilog na buwan sa maaliwalas na kalangitang puno ng nagkikindatang mga bituin. Sinasalamin ng ilog ang kislap ng liwanag. Banayad lang ang alon, sapat para iduyan ang maliit na bangkang naglalayag sa gitna niyon, may distansya mula sa pampang. Mabini ang ihip ng hanging mabango ang samyo dala ng mga scented candles na nakatulos palibot sa gilid ng bangka. Nakadagdag pa sa preskong amoy ang pumpon ng bulaklak na hanggang nang mga sandaling iyon ay nasa kandungan ng dalagang pinag-alayan ng lalaking kasama nito.

Tahimik ang paligid. Walang ibang maririnig kundi ang lagaslas ng tubig at ang huni ng mga kuliglig. Para sa dalawang nagmamahalan, sapat lang iyon para punan ang kawalan ng string quartet o kahit maliit na player na sana ay nagbibigay ng makalaglag-pusong soundtrack para sa memorable na pangyayari sa gabing iyon.

“Thank you for doing this,” malambing na bulong ng babae sa katipan. Punung-puno ng pagmamahal ang kislap ng kanyang mga mata at napakatamis ng ngiti sa mga labi.

“Anything for my woman.” Pinagdikit nito ang kanilang mga

noo at masuyong idinampi ang mga labi sa kanya. “More wine?”

Tumango siya. Kumilos ito para abutin ang bote na halos nangangalahati na mula nang binuksan nila ito kanina. Mag-iisang oras na silang nakapalaot.

“To us.” Itinaas nito ang kopita nang pati ito ay makapag-refill.

“To forever,” nakangiting balik niya bago ipingki sa baso nito ang hawak.

Sabay silang sumimsim ng pulang likido at tulad ng kadalasang kinauuwian ng pag-inom ng alak nang sabay ng mga nag-iibigang tulad nila, tinuldukan nila ang tahimik na mga saglit na iyon sa isang halik.

“Hindi pa din ako makapaniwala.” Itinaas nito ang kamay para haplusin ang gilid ng kanyang mukha. “Akala ko tatanggihan mo ako.”

Mahigit dalawang buwan pa lang silang may seryosong relasyon nito. Ngayon, kaya sila nasa gitna ng laot ay iyon ang ginamit nitong setting para mag-propose sa kanya ng kasal na walang kagatol-gatol niyang tinanggap.

Bakit naman siya mag-aalinlangan? She was of age. Mahal niya ito. Matino ang pag-iisip niyang gumawa ng decision. Marangal pa na binata si Ilario. Galing sa mayamang pamilya, may malagong kabuhayan, responsable, guwapo, maalaga—wala

na siyang mahihiling pa. Maliban sa isa.

“Ano kaya ang magiging reaction ng mga magulang mo?”

Ni minsan ay hindi pa niya nakilala ang parientes nito. Come to think of it, iilang kaibigan at katrabaho lang ang naipakilala nito sa kanya, wala ni isang kamag-anak. Bagaman sinabi ng binata na karamihan sa mga kamag-anak nito ay nagkalat sa malalayong lugar, hindi lang sa Pilipinas kundi sa buong mundo.

“They’ll be thrilled, of course!” paninigurado nito. “Pauwi sila soon. Alam na nila ang tungkol sa engagement natin at hindi naman sila tutol kahit kaunti.”

Medyo napaawang ang mga labi niya sa sinabi nito. Alam na ng ama’t ina ng binata ang tungkol sa engagement nila? It was either lumusot ito nang hindi niya napapansin para mag-text sa mga parents na ang pagkakaalam niya ay nakatira sa ibang bansa, o ganoon na lang ang tiwala ng mga itong tatanggapin niya ang alok nito ng kasal.

But... Well....

“Parang kinabahan ako.” Nangingiming ibinaba niya ang paningin. “Sigurado ka na hindi sila tututol?”

Ipinatong nito ang hintuturo sa kanyang baba para makatitig sa mga mata niya. “They’ll love you, I promise.”

Sumilay ang ngiti sa kanyang mga labi. Itinaas niya ang mga kamay at pinagdaop ang mga daliri sa likod ng ulo nito.

“I love you,” buong puso niyang bulong habang nakatitig sa mga mata ng nobyo.

“And you’re mine?” Humigpit ang yakap nito sa kanya.

Iniwang niya ang mga labi bago inilipat ang mainit niyang tingin sa bibig nito.

“All of me, heart and soul,” ayon niya.

Ewan lang niya kung bakit pagkasabi niya ng gayon sa binata ay bigla siyang sinakluban ng matinding takot. Siguro dahil may nag-iba sa pagkislap sa tingin nito na nahuli niya bago pa man ito nagbaba ng ulo para hagkan siya.

Namilog ang mga mata niyang pinanood ang unti-unting pagbabago nito ng anyo. Napalitan ang maputi at makinis nitong kutis ng nakakatakot na berdeng kulay tulad ng sa pakpak ng isang salaginto. Nalagas ang maitim at kumukulot nitong buhok na kay lambot ng pakiramdam sa kanyang mga daliri noon. Naging malalaki ang mga mata nitong walang talukap at kapalit ng mamula-mula at malalambot nitong mga labing tumatakip sa pantay-pantay na mapuputing ngipin, ay isang bibig na puno ng matatalas na pangil.

“Salamat, Luisa.” Garalgal at dumadagundong ang boses nitong narinig niya. “Salamat sa pagbibigay mo ng sarili sa amin bilang sakripisyo.”

At nang ibuka niya ang bibig para sana sumigaw at humingi

My Sacrifice - Edith Joaquin

ng saklolo sa kung sino ang maaaring makarinig, sinunggaban siya nito at inilapat ang bibig sa kanya in a kiss of death. Mamamatay siya dahil pakiramdam niya ay hinihigop nito lahat ng hangin sa katawan niya hanggang sa kanyang huling hininga.

Nagsimulang umugoy ang bangka. Umikot ito; marahan sa una pagkatapos ay pabilis nang pabilis, pailalim nang pailalim. Nanlaban siya. Nakuha niyang itulak ito palayo. Sinubukan niyang tumili, pero huli na ang lahat. Napuno lang ang bibig niya ng tubig-ilog. Umaalingawngaw sa kanyang tainga ang makatindig-balahibong pagtawa ng nakapanghihilakbot na nilalang habang napupuno ang kanyang baga sa nakamamatay na maitim na likido.

Gusto niyang umiyak. Gusto niyang mag-isip. Gusto niyang pawalan ang diwa para sana kahit man lang sa panaginip ay makapagpaalam siya sa lahat ng mahal niya sa buhay. Pero wala na siyang nararamdaman. Wala na siyang naiisip. Wala na siya.

Tahimik nang muli ang ilog. Isang maliit na bangka ang nakapatong sa ibabaw niyon sa gitna, ilang dipa mula sa pampang. May mga aandap-andap na kandila na nakatulos sa paligid nito. Isang pumpon ng bulaklak ang nasa lupa, kasama ng isang bote ng alak at dalawang kopitang tila hindi nagalaw. Tila nakahain at naghihintay para sa kung sinong iinom mula roon.

1

I look ugly and tired, nasabi ni Faye Ulanday sa sarili habang tinitingnan ang repleksyon sa salamin. Umiling siya. No, I look bored. Super duper walang kapantay na bored. And uber irritated. Kaya ang pangit ko na din.

Ipinilig niya ang ulo at huminga nang malalim para palisin ang di-kanais-nais na nararamdaman. Magma-manifest iyon sa mga pictures niya, and that won't do. Gagamiting publicity photos para sa bagong TV series niya at ng kanyang ka-love team ang mga kukunan. Alangang magmukhang ayaw niyang gawin ang palabas dahil lang nabugnot siya sa photo shoot? Kaunting tiis at mahaba pang pasensya. Isang set pa ng mga damit na kailangang makunan ng litrato.

Gawd! Sawang-sawa na siyang maging *Barbie doll* ng kung sinu-sino. Napapagod na siya. Sa trabaho, sa mga katrabaho, sa kliyente... She was tired of all these people na walang kahit ga-butil ng munggo na sinseridad sa buto at ang habol lang ay mapalapit sa kanya dahil sa kasikatan niya.

Maliban sa iilan, kasama na itong si Alice.

“Miss Faye, retouch tayo ng makeup.” Ito ang kanyang personal stylist cum self-designated nanay-nanayan sa tuwing may photo shoot, TV or live appearance, o kahit anong showbiz

happening na nangangailangang maganda siya sa harap ng camera at madla.

Pumasok ito roon hawak ang sponge at isang bungkos na tissue na idinampi nito sa kanyang noo, ilong, pisngi at baba para i-blot ang oil at pawis doon.

“Pagod na ako.” Isinaboses niya ang nararamdaman bago ipinikit ang mga mata at humugot ng pagkalalim-lalim na buntong-hininga.

“Sandali na lang, Miss Faye.” Idinawdaw nito ang brush sa pot ng blusher at saka ipinahid iyon sa kanyang balat.

“Ang sandali sa mundo natin, umaabot ng hanggang bukas,” daing niya.

“May oras pa naman.” Mapang-unawa ang ngiting iginawad sa kanya ng babae. “Kinukunan pa nila ang partner mo ’tas magse-set up pa sila ng panibago para sa couples pictures n’yo.” Ina-apply-an siya nito ng lipstick at gloss at saka sinuklay ang mahaba at tuwid niyang buhok. “Gusto mo munang pumikit? Nakaayos naman ’yung sofa bed. Gisingin na lang kita.”

“Sasakit lang ang ulo ko, Alice, ’wag na lang.” Tumayo siya mula sa harap ng salamin para magpalit ng damit sa likod ng divider.

“Ikukuha na lang kita ng juice o kung ano’ng gusto mo,” alok nito.

“Sige, please?” Isinungaw niya ang ulo sa ibabaw ng divider na, dahil matangkad naman siyang babae, ay madali lang gawin. “Coke na malamig na malamig ’tas may slice ng lemon.”

“Sakto ka. Sandali lang ako.”

Alam nitong iyon ang paborito niyang inumin at tanging guilty pleasure lalo na kung kailangan niya ng energy boost. Hindi naman niya kailangang mag-strict diet. Isa siya sa mga mapapalad na nananatiling slim kahit ano ang kainin o kahit gaano karami. Hindi lang talaga siya mahilig sa matatamis o sa carbonated drinks.

Nang maiwan, hinubad niya ang suot na silk robe at kinalag ang bra. Backless ang gown na isusuot niya at siyempre, hindi maaaring makitaan ng strap ang likod niya. Matapos isara ang clasp ng damit na humahakab sa bawat kurba ng kanyang katawan, lumabas siya mula sa divider at saka tinungo ang shelf na kinapapatungan ng mga sapatos. Nagsuot siya ng strappy stilettos na kapares ng suot na damit at saka siya bumalik sa harap ng salamin.

Nagsusuot siya ng accessories nang bumalik sa dressing room si Alice.

“Naubusan ng regular Coke sa pantry,” anunsyo nito, “Coke Light ito.”

Nagkibit siya ng balikat. She was never been one of those who throw tantrums kapag hindi napagbigyan sa gusto. Anyway,

hindi naman niya ikamamatay uminom ng *Coke Light* sa halip na regular *Coke*.

“Thank you! Lifesaver ka, Alice!” aniya nang ilapag nito ang inumin sa kanyang harapan.

Agad niya iyong sinunggaban at tila uhaw na uhaw na sumipsip mula sa straw na nakasukok sa baso. Napansin niya na agad ding inihanda ni Alice ang kanyang lipstick.

“Sorry, ha,” aniya nang makalahati niya ang *Coke*. “Sinira ko na naman lipstick ko.”

“Kuu, ikaw naman bata ka,” she dabbed the tip of the lip brush on her, “okay lang ’yun. Walang problema.”

Lagi niya iyong naririnig mula rito tuwing kinakailangan nitong i-retouch ang makeup at buhok niya na maya’t maya ay nadidisgrasya niya for one reason or another.

“Miss Faye, let’s go?” Sumilip mula sa pintuan ang production assistant ng photo shoot.

“Yeah, thanks.” Isa pang sulyap sa salamin at sumunod na siya sa P.A. na sumundo sa kanya.

Gaya ng inaasahan, iyong pictorial para sa set ng formal wear na iyon ay inabot ng halos limang oras pa. Bago natapos ang lahat, maghahatinggabi na at gutom na gutom na siya. Pagod na pagod na rin.

“May cold chicken salad ako na itinabi para sa iyo,” anunsyo nito habang binubuksan para sa kanya ang jar ng cold cream na pangtanggap ng kanyang makeup. “Gusto mo ba ulit ng *Coke*? O ipaghanda kita ng paborito mong lemongrass-pandan tea?”

Ngumiwi siya as she slathered the white sticky stuff on her face. “Parang gusto ko na lang gumapang pauwi para matulog.”

“Ay, hindi naman puwede iyon!” Kumuha ito ng ilang piraso ng cotton squares at iniabot ang mga iyon sa kanya. “Nalipasan ka ng gutom, *you’re end up in ulcer.*”

“Naks!” Nangingiting nilingon niya ito. “Pa-Ingles Ingles ka na ngayon, ha?”

“Siyempre!” nanlalaki ang mga matang sagot nito. “Ano ba namang klaseng tao ako kung pagkalipas ng walong taon na alalay mo, eh, hindi pa ako matuto ng simpleng Ingles man lang.”

“Alice, hindi kita alalay,” iling niya.

“O, eh, ano naman ang diperensya?” Tunitig ito sa kanya mula sa salamin. “Inaalalayan kita sa mga ganito. Hindi naman ako *nao-offense* kung tatawagin akong alalay mo. Basta sa iyo lang. Kung may ibang tatawag sa akin na alalay, sasampalin ko.”

Pinisil niya ang kamay nito. “Ewan ko ba naman sa iyo, Alice, ini-spoil mo ako nang husto.”

“Eh, kasi, *you deserves it.*” Sinabi ito ang mga salitang iyon na hawig na hawig ang tono at pagkakabigkas sa kung paano

niya sinasabi ang gayon.

Napahagikgik tuloy siya. “Ginagawa mo naman akong parang TV, eh. Gusto mo bang mag-aral ng English nang totohanan? Sabihin mo lang, tuturuan kita.”

“Naku, hindi na.” Hinaplos nito ang kanyang bisig. “Basta nagkakaintindihan tayong dalawa, ayos na ako. Busy ka, eh. Ayoko namang dumagdag sa intindihin mo.”

Pinangingkitan niya ito ng mga mata. “Alice, ’wag ka namang ganyan mag-isip. Kung gusto mong magpatulong sa akin, hindi ko ipagdadamot ’yun sa iyo. Ikaw pa?”

Nanubig ang mga mata nito at saka siya ipinaloob sa isang mahigpit na yakap. “Kaya mahal na mahal kita, eh. Napakabait mo. Aba’y sa dinami-dami ng artista, model at kung sinu-sinong mine-makeup-an ko, sa ’yo lang ako papayag na gabihin nang ganito kahit wala pang suweldo.”

“Ay, ’wag din ganoon.” Banayad niyang natampal ang kamay nitong nakapatong sa balikat niya. Pagkatapos ay nanlaki ang kanyang mga mata. “Teka... Hindi ka ba mababayaran ngayon?”

Usually kasi, ang mga tulad nitong inaarkila ang serbisyo na per project ay kaliwaan kung suwelduhan. Ang pagngiwi nito ang nagsabi sa kanyang tama ang hinala niya.

“Okay lang, Miss Faye, bukas makukuha ko na din naman ’yung TF ko. Hindi pa naman sila pumapalya kapag sinabi nilang

i-pick up ko 'yung check.”

Lalong nagsalubong ang mga kilay niya. “Check? ”Tas bukas pa? Ano ba 'yun? Delayed na nga 'tapos tseke pa. Ilang beses na nilang ginawa sa iyo 'yan?”

Mukhang nataranta ito dahil nag-iinit ang ulo niya. Nakukuha na rin nito ang atensyon ng mga staff na naiwan pa roon.

“Miss Faye, s'abi ko nga, wala namang problema.” Kumapit ito nang mahigpit sa bisig niya para pigilan siyang sugurin ang kung sino ang binabalak niyang sugurin.

“Ay, hindi!” Pinalis niya ang kamay nito, pero siniguro niyang hindi ito masasaktan. “Bakit ngayon mo lang sinabi sa akin?”

“Eh, dahil alam ko na magkakaganyan ka, samantalang wala namang kaso iyon sa akin.”

Tumitig siya sa kaharap, nakaawang ang mga labi. Ilang saglit ang dumaan bago siya nakasagot dito. “Nagkakaganito ako kasi ayokong may tinatrato nang mali.”

Pasugod siyang lumabas ng dressing room, halos umusok ang tainga sa inis. Mabait siya kung sa mabait. Walang kahit sino ang nag-complain na isa siyang bratinella tulad ng ibang kakontemporaryo niyang abot-langit na ang kasikatan bilang model-singer-actress. Kahit may angking yaman ang pamilya, hindi niya ginamit iyon ni minsan para maging leverage niya

sa industriya. She worked her ass off, made friends of everyone lalo na iyong mga itinuturing na alila sa larangan ng showbiz. At dinala niya lahat ng mga ito sa kanyang pag-akyat sa hagdanan ng tagumpay.

Kaya rin huwag magkakamaling may malaman siyang maling pagtrato sa mga katrabaho niya, at doon niya ginagamit ang yaman at kapit ng pamilya para ipagtanggol ang mga ito.

“Ronald, sabi ni Alice, bukas pa daw ang suweldo niya at check ang ibabayad n’yo.” Manager niya ito.

“Okay lang naman daw sa kanya, eh,” kibit nito.

“Okay?” Namaywang siya. “Ronald, mag-isip ka nga. Taga-Cavite City ’yung tao. Alam mo ba kung gaano kalayo ang kailangan niyang ibiyahe para lang kumuha ng tseke na dadalhin pa niya sa bangko para i-encash samantalang magkano lang naman ’yun?”

“Now, Faye, mas mabilis para sa accounting—” paliwanag nito pero sumabad siya agad.

“Hindi mo ba ako narinig?” Nagtaas siya ng boses. “Wag n’yong pahirapan ’yung tao para lang hindi mahirapan ang accounting. Susko! Kaya sila accountant para intindihin ang mga ganyang bagay.”

“Faye.” Sinubukan siyang kalmahin nito pero, she was really pissed.

“Cancel her check. Ako na ang magpapaluwal ng bayad sa kanya at kung maulit pa ito sa kanya o sa kahit sinong hiree natin na dapat binabayaran ng cash, you are going to lose me as a talent.” Sinabayan niya iyon ng pagwo-walk out.

Siyempre alam ng manager-agent niya na kayang-kaya niyang totohanin ang bantang iyon. Hindi siya takot mawalan ng trabaho. She had money. Their family had money. At hindi rin siya takot sa bad publicity. Sapat ang clout niya sa media at may tiwala siya sa mga katrabaho niya sa industriya. Hindi iyong mga kapwa niya celebrity, kundi iyong mga taong kinalilimutan ng karaniwang sumisikat—janitors, PAs, makeup artists, catering servers—lahat ng mga ito ay tinrato niya nang tama at walang hidden agenda.

Ang hindi pa niya binabanggit kahit kanino, wala na siyang pakialam kung bukas ay gumising siya na wala na siyang booking. She would welcome it, actually. Sinabi nga niya, pagod na siya.

“Okay na,” salubong niya kay Alice na noon ay naghahain ng sinasabi nitong itinabi nitong hapunan para sa kanya.

“Alin?” Ipinaghila pa siya nito ng upuan, pero hindi agad siya nagtungo roon.

Hiningi niya ang handbag na kadalasan ay ipinahahawak niya kay Clare, ang kanyang secretary cum accountant cum personal assistant. Walang salitang inilabas niya ang wallet at nagbilang ng ilang pirasong asul na bills. Iniabot niya ang mga

iyon sa babae.

“Ano’ng...? Para saan ’yan?” Kumunot ang noo nito.

“Para hindi ka na kailangang bumalik bukas.”

“Miss Faye, nakakahiya...” Napakamot ito ng ulo.

Kinuha niya ang kamay nito at ipinaloob doon ang salapi. “Mas nakakahiya ’yung ginawa ng manager ko sa iyo. Tanggapin mo na. Nag-usap na kami.”

Kinagat-kagat nito ang pang-ibabang labi sa pagpipigil lumuha. “Kumain ka na muna, saka ko tatanggapin ’yan.”

Ngumiti siya. Sinulyapan ang mga dahon ng letsugas na nakaayos sa platong inihanda nito. “Oo na po.”

Masayang dumulog siya para paunlakan ito.

Ngayon, kung sana lang iyong saya na iyon ay nadadala niya sa araw-araw pa niyang gawain, her life at the moment would actually be fun.